# LABAN SA PAGSUBOK, PARA SA KINABUKASAN

*by:*
**Jhoenell S. Adan**
*Teacher II, LimayNational High School*

Maaaring palasak na sa iyong pandinig ang mga salita mula sa mga magulang na ang tanging pamana na kaya raw nilang ibigay sa kanilang mga anak na hindi mananakaw ng kahit sinuman ay ang edukasyon. Kilala ang mga Pilipino sa pagiging matiyaga, maparaan, at matiisin lalo na kung ito ay para sa kanilang mga pamilya. Ang iilan pa ay ninanais na lumayo sa kanilang mga pamilya matustusan lamang ang pangangailangan sa edukasyon ng kanilang mga anak dahil naniniwala ang mga Pilipino na edukasyon pa rin ang susi sa tagumpay.

Gayunpaman, hindi lingid sa kaalaman ng lahat ang mga isyung kinakaharap ng ating bansa, partikular na sa larangan ng edukasyon. Dahil sa mga nagbabadyang mga isyu at panganib sa ating kapaligiran sa aspeto ng mental o pisikal na kalusugan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa panahon natin ngayon na hindi nagiging madali ang laban patungo sa dekalidad na edukasyon, patuloy pa ring naninindigan ang mga kawani ng gobyerno sa pagbibigay ng lahat ng paraan upang maisakatuparan ang hangarin na maibigay sa bawat estudyante ang edukasyon na kanilang kakailanganin. At ang edukasyon na ito ay magagamit ng mga mag-aaral sa susunod na panahon at magiging pamana sa mga susunod pang henerasyon dahil ang edukasyon ay hindi nalilimitahan ng mga pero at bakit, bagkus ay laging may bukas na isipang kayang gumawa ng paraan upang maabot ang edukasyon na para sa lahat.

Tunay nga na ang edukasyon ay isang bagay na hindi kayang nakawin ng iba mula sa atin. At ang edukasyon na ito ang magsisilbing susi upang mabuksan ang pinto tungo sa kaunlaran. Dahil ang bansang may matalinong pag-iisip at sapat na edukasyon ay

laging may hangaring bumuo ng pagbabago at hindi lamang para sa pansariling interes, kundi para sa lahat ng sambayanang Pilipino. Hindi man magiging madali ang landas patungo rito, ngunit para sa mga susunod na henerasyon na magmamana ng edukasyon, ang lahat ng unos ay susuungin nang sama-sama dahil ang edukasyon ay walang pinipiling estado sa buhay, bagkus ay nasa kamay ng isang taong hindi sumusuko.

*References:*

Ordoñia, C. J. (2022, March 15). Mga Suliranin Sa Kasalukuyang Sistema Ng Edukasyon Sa Pilipinas: Hamon sa Kabataang Filipino | Deped - Nueva Ecija. DepEd.

Retrieved June 20, 2022, from https://deped-ne.net.ph/2022/03/15/mga-suliranin-sa-kasalukuyang- sistema-ng- edukasyon-sa-pilipinas right/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan